SAKUNA

PASAKIT NG IMPERYALISMONG US AT NAGHAHARING URI SA TK

Inilabas ng

KARED-TK at NDFP-ST

OKTUBRE 2023

PAMBUNGAD

Kinakaharap ngayon sa buong daigdig ang dumadalas at papatinding pananalasa ng mga sakunang resulta ng mabilis na pagbabago ng klima. Resulta ito ng sakim at mabagsik na kampanya ng pagdambong at malawakang pangwawasak sa kalikasan ng monopolyo kapitalismo para sa super tubo kasabwat ang mga lokal na mga naghaharing uri sa mga kolonya't malakolonyang bansa. Ang malawakang paglalabas ng *greenhouse gases* sa atmospera na nagmumula sa operasyon ng mga empresang monopolyo kapitalista sa enerhiya, manupaktura, transportasyon, industriyang pang-agrikultura, mina, konstruksyon at iba pang mga proseso kaalinsabay ng pagwasak at pagkalbo sa mga kagubatan at kabundukan ang nagpapalala sa mga pagbabago ng klima na nagdudulot ng malawakang pagkawasak at pagkawala sa buhay, kabuhayan ng tao, maging ng iba pang buhay sa buong daigdig. Inilalagay nito sa panganib ng pagkalipol ang tao sa daigdig.

Bagama't karaniwan nang daanan ng kalamidad ang Pilipinas, mauugat ang pagtindi ng mga kalamidad sa tuluy-tuloy na pagkakalbo ng mga kagubatang winasak ng malawakang pamumutol ng puno mula dekada 1950, sa kasagsagan ng pananalasa ng mga *logging concessionaire* at pagsisimula ng mga operasyon ng mina. Pinakamatitindi ang tama—malakihan at malawakang pagbaha, pagguho ng mga lupang sakahan at mga komunidad sa mga lugar kung saan pinaka-nanalasa ang mga ito—sa Timog at Hilagang Luzon, ilang bahagi ng Visayas at sa Mindanao. Dahil dito, ang mga lugar na dati nang tinatamaan ng bagyo ay paulit-ulit na dumaranas ng papalalang delubyong epekto nito at ang mga lugar namang hindi napapasok ng bagyo tulad ng kalakhan ng isla ng Mindanao, maging ang isla ng Palawan ay madalas nang napapasok at dinadaaanan ngayon na lubhang nagpapahirap sa mamamayan.

Sa rehiyong Timog Katagalugan, tampok noong 2020 ang sunud-sunod na bagyong tumama sa bansa (Nika, Ofel, Pepito, Quinta, Rolly, Siony, Tonyo, at Ulysses) mula Oktubre hanggang Nobyembre na nagdulot ng matinding pagbaha at nagpalubog sa ilang mga komunidad sa Cavite, Laguna at Rizal. Liban sa palagiang daanan ng bagyo, signipikanteng bilang din ng mga mga proyekto at mapaminsalang operasyon sa kalikasan ang nakalatag sa rehiyon. Sa CALABARZON nakakonsentra ang mga engklabo, proyektong pabahay sa mga kalunsurang bahagi. Samantalang matatagpuan sa mabundok na bahagi ng Batangas, Rizal at Quezon ang mga operasyon ng *quarry* at dambuhalang mga dam. Sa baybaying mga bahagi nito matatagpuan rin ang mga proyektong reklamasyon at *dredging*. Samantala sa MIMAROPA nakakonsentra ang malalaking minahan, pinakamarami sa Palawan. Sa Mindoro, nakapwesto ang dambuhalang proyektong enerhiya tulad ng Sta. Clara *hydropower* habang

nakaambang mag-opereyt ang mga dambuhalang operasyon ng mina matapos alisin ang 25-taong *mining moratorium* sa Oriental Mindoro.

Higit na nakakaalarma ang dinanas ng ilang mga probinsya sa bansa sa pagpapalit ng taong 2022 at 2023 kung saan dahil lamang sa mga Low Pressure Area at Shear *line* na nagdulot ng tuluy-tuloy na pag-ulan ay lumubog ang ilang mga bayan sa marami-raming probinsya sa buong bansa kabilang ang Brooke's Point sa Palawan.

Kung gayon, nararapat na bigyang pansin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang usapin ng mga sakunang dulot ng pagbabago ng klima (climate disaster) at singilin at papanagutin ang imperyalismong US at mga naghaharing uring malalaking kumprador-panginoong maylupa sa malaking krimeng ito laban sa sambayanang Pilipino. Inilalabas ng KARED-TK at National Democratic Front-Southern Tagalog ang **Sakuna: Pasakit ng imperyalismong US at naghaharing-uri sa Timog Katagalugan**, isang *photobook* ng mga naganap na sakuna sa rehiyon para patampukin ang tumitinding epekto ng mga kalamidad sa buhay, kabuhayan at kalikasan ng mamamayan. Dapat patuloy na imulat ang masa sa tunay na ugat at kadahilanan ng mga sakunang ito at singilin at papanagutin ang estado at mga imperyalista sa mga krimen nila sa sangkatauhan sa ngalan ng kanilang tubó.


Mga lugar na madalas daanan ng bagyo
Mga lugar kung saan nagaganap ang mga sakuna dulot ng mina
Mga lugar na madalas bahain

MINA

Ang dambuhalang mga operasyon ng mina ang isa sa may pinakamalaking ambag sa pangwawasak sa kalikasan sa mga lugar na sinasaklaw nito sa rehiyon. Ang pagsira sa kagubatan na kaakibat ng mga operasyong mina ay nakadadagdag din sa *global warming* dahil sa pagkawala ng mga punong nagsisilbing tagahigop ng *carbon dioxide*, isa sa mga *greenhouse gases* na nagpapainit sa mundo.

Sa Palawan nakakonsentra ang pinakamaraming minahan sa rehiyong TK. Partikular sa Timog Palawan, nakahain ang 49 *mining applications*.

Trahedya sa mina

Naganap noong 1996 ang pinakamalaking sakuna dulot ng mina sa bansa bunga ng halos tatlong dekadang pag-oopereyt ng Marcopper Mining Corporation (MMC) sa Marinduqe.

Ang MMC ay sosyong proyekto ng pasistang rehimeng US-Marcos I sa isang korporasyong Canadian. Inihudyat ito ng pagkawasak ng Maguila-guila dam noong 1993 na nagdulot ng pagtambak ng malaking deposito ng banlik (silt) na mga nakalalasong mineral na nagwasak sa kapaligiran, partikular sa Mogpog River, na patuloy na nakapinsala sa mga yamang-tubig at linya ng tubig.

Patay na ilog

Kontaminasyon at pagkamatay ng Mogpog River na hanggang ngayon ay di pinakikinabangan ng mga residente.

Tatlong dekadang nag-opereyt sa iba't ibang bahagi ng probinsya ang MMC at naglabas ng 200 milyon tonelada ng nakalalasong kemikal. Resulta nito, 59 bata ang dinala sa Maynila para linisin ang katawan at alisin ang kontaminasyon ng *lead*, tatlo sa kanila ang namatay.

Kontaminasyon ng *laterite* sa palayan ng mga magsasaka sa Narra galing sa *silt pond* ng CMDC na naiulat mula 2012

Citinickel Mines and Development Corporation (CMDC) sa Narra, Palawan

Pagkawasak ng mga koral at ekosistema sa bahagi ng baybayin ng San Isidro, Narra.

Riotuba Mining Company (RTMC)

sa Bataraza, Palawan na nagmimina ng nickel

Mula 2019, naiulat na tumaas na sa *safe levels* ang presensya ng *hexavalent chromium* na nagmumula sa minahan. Ang labis na *exposure* sa kemikal na ito ay nagdudulot ng sakit sa baga.

Larawan ng pagkuha ng sampol ng tubig sa Ilog ng Tuba kung saan sumasabang ang Ilog Togpon na dinadaluyan ng tubig na nagmumula sa minahan ng RTMC na pinaniniwalaang kontaminado ng *laterite*.

Malalang pagguho ng lupa
sa kahabaan ng *mining road* sa Mt. Bulanjao, Bataraza dulot ng malawakang pamumutol ng puno para sa mga minahan

Ipilan Nickel Corporation

sa Brooke's Point, Palawan

Tinututulan ng mga residente ang operasyon nito dulot ng perwisyo sa kabuhayan at kalikasan.

Delubyo

pinakamalalang pagbaha sa halos buong bayan ng Brooke's Point nitong Enero 2023 na itinuturong epekto ng dekada ng pagmimina sa lugar

Ebidensya

ng mga kahoy na iligal na pinutol ng Ipilan Nickel Corporation (INC) sa Brooke's Point.

Naiulat noong 2017 ang iligal na pamumutol ng 7,000 puno ng INC kaya ipinatigil ng lokal na gubyerno ng bayan ang operasyon nito.

Palawan Quicksilver Mines, Inc.

Dalawampung taong nag-opereyt ang PQMI sa Puerto Princesa, Palawan mula 1956. Nakakuha ito ng 2,900 toneladang *mercury* habang aabot sa dalawang milyong *mineral ores* ang itinapon nito sa Honda Bay. Makalipas ang apat na dekada, sumambulat ang misteryosong kaso ng mga pagkakasakit ng mga residente na kalauna'y matutuklasan na kabilang sa pangmatagalang epekto ng kontaminasyon ng *mercury* sa tubig at lupa sa paligid ng minahan.

Intex Resources Phils.

Nagmimina ng *nickel* at *cobalt* sa Sablayan, Occidental Mindoro na sumasaklaw sa 9,270 ektarya.

Altai Philippines Mining Corporation (APMC) sa Sityo Olango, Brgy. España, Sibuyan, Romblon. Ang APMC ay pagmamay-ari ng pamilyang Gatchalian at bahagi ng Sibuyan Nickel Properties Development Corporation na nagmimina ng *nickel*.

Mariing tinututulan ng mamamayan ang operasyon ng kumpanya dahil sa idinudulot nitong perwisyo sa kabuhayan at kalikasan. Sinasaklaw ng 1,581 ektaryang *mineral production sharing agreement* ng APMC ang bahagi ng Mt. Guiting-guiting na deklaradong protektadong lugar.

Quarry sa Rizal

Ang operasyon ng 16 kumpanya ng *quarry* sa Rodriguez, at tatlo sa Baras ang itinuturong nagpalala sa matinding pagbahang dulot ng Bagyong Ulysses

Gintong Puntod

MASA:
Pusod ng gubat ay karugtong ng pusod
Agos ng dugo mo'y agos din ng ilog
Lupa ang kuna at siya mo ring puntod
Yama'y bukal kahit sa alabok

Di mo maangkin ang yaman mong angkin
Liban lamang sa iilang dipang kaingin
Alam ang lahat ay para sa lahat
Ngunit kabihasna'y binilang sa salat

Dumayo ang dayong dala daw ay asenso
DAYONG MAGMIMINA:
Gawing sibilisado ang katutubo!
Patagin ang bundok, hakutin ang bato
Sagabal ang sukal? ibaba ang troso

Magtayo ng klinika at eskwelahan
Yaring matibay? Pwede nang pagkampuhan
Pag-CAFGU-hin ang tao para may bantay
Walang hadlang sa ating pagsalakay

Walang kalsada, kawawang sityo
Di yan problema, sila ang magtrabaho
Bata, matanda at kababaihan
Lawakan habaan deretsong minahan

Pag may tumutol, nariyan ang sundalo
Wag mag-alala, kakampi ay estado
Mag-PDT, magpanggap na maamo
Wag magpahalatang tayo'y nanloloko

HUKBO:
Kinuha nang lahat ang meron sa salat
Alam mong mawawala ang sayo'y dapat
Liban sa alala ng mga kaingin
Pagkat yaman mo'y inangkin na ng sakim

Walang matitira kundi ang alabok
Utang ang buhay ang mina ay puntod
aagos ang dugo mo sa itim na ilog
kundi magagapi ang pinakapusod

Kalahatang milyong ektarya ng Isla
Dudurugin sa kanilang makina
Pipigain ang yaman, iiwana'y basura
Ito ay nakaukit na sa kontrata

ILUSYON! Walang totoong kaunlaran
Kaginhawaha'y di hatid ng minahan
Kailanma'y di nagtira ang nandambong
Kapalit ng tubo, pamatay na lason

Pananahimik ay di kapayapaan
Sa pagkatakot ay walang kaligtasan
Lahi mo'y patuloy na gambalain
Sa sariling lupa, dayuhan ka na rin

Bakahin ang takot dapat kang tumindig
Ikaw ay biktima, hindi tagamasid
Makipagkaisa at magkapitbisig
Sa sariling lakas tayo'y sumalig

Nilikha sa isang larangang gerilya sa
Oriental Mindoro noong 2010.

PAGBAHA

Pamalagiang penomenon ang matitinding pagbaha sa maraming lugar sa rehiyon bunga ng bagyo at tuluy-tuloy na pag-ulan.



Mga pagbaha sa Rodriguez at San Mateo, Rizal

Dulot ng pag-apaw ng Ilog ng Marikina. Naging mas bulnerable ang mga mababang pusisyong bayang ito dahil sa mga operasyon ng *quarry* na sumisira sa *watershed* ng Marikina River Basin.

Lubog
1K2 Kasiglahan village, Brgy. San Jose, sa panahon ng bagyong Ulysses noong 2020

Baybayin ng Laguna de Bay sa Laguna

Pebrero 2021, tatlong buwan makalipas ang pananalasa ng Bagyong Ulysses pero hindi pa rin humuhupa ang baha sa Laguna

Agosto 2021 sa isang barangay sa Biñan dulot ng matinding pag-ulan

Oktubre 2022 sa Cavite dulot ng Bagyong Paeng

Hunyo 2021 pagbaha sa Cavite dulot ng tuluy-tuloy na pag-ulan

Pagbaha sa Cavite dulot ng Bagyong Maring

Naujan, Occidental Mindoro

Pamalagian ang pagbaha sa Naujan dulot ng bagyo o ng ilang araw na tuluy-tuloy na pag-ulan. Pangunahing inirereklamo ng mga residente na naganap ang ganito kalalang mga pagbaha matapos itayo ang Sta. Clara hydropower noong 2013 at nag-opereyt noong 2016.

Mga proyektong reklamasyon sa Cavite



Bukod sa pag-ulan at maraming tambak na basura, kabilang sa itinuturong salarin sa matitinding pagbaha sa baybayin ng Cavite ang mga proyektong reklamasyon. Nakatakdang itayo sa ilalim ng Cavite Reclamation Project ang limang isla sa saklaw ng *municipal waters* ng Cavite City, Kawit, Rosario at Noveleta.

Liban sa malawakang pagbaha, dulot nito ang pagkawasak ng ekosistema ng yamang tubig dahil sa tuluy-tuloy na *dredging* o paghukay ng buhangin at pagtatambak nito sa mga pagtatayuan ng reklamasyon.

DAMBUHALANG DAM

Sa Sierra Madre, ang malalaking proyektong dam ang isa sa mga matinding nangwawasak ng kalikasan at nagpapalala sa mga natural na kalamidad tulad ng bagyo at kahit ng matagalang pag-ulan.

Mga dambuhalang dam sa Sierra Madre

Kaliwa Dam

Isang 63-metro (207 pye) na dam ang itatayo sa ilog Agos Kaliwa sa hangganan ng General Nakar, Quezon at Tanay, Rizal sa saklaw ng bulubunduking Sierra Madre.

Wawasakin ng dam ang tahanan ng aabot sa 126 *species* ng hayop at halaman, magpapalubog sa 291 ektaryang kagubatan at magsasapanganib sa buhay ng 100,000 residente dahil sa mataas na risgo ng malawakang pagbaha.

Kabilang sa pangunahing apektado ng proyekto ang lupaing ninuno na pinananahanan at pinagkukunan ng kabuhayan ng aabot sa 5,000 katutubong Dumagat at Remontado.

Mga dam sa ilog ng Umiray
sa Quezon

Dalawang dam na bahagi ng Umiray-Angat Transbasin Project ng MWSS para suportahan ang Angat *dam reservoir*. Ang ikalawa (sa ibaba) ay itinayo sa Ilog ng Sumag, isa sa mga tributaryo ng Umiray. Kalakaran nang sa tuwing tumataas ang tubig ng mga dam ay nagpapakawala ito ng tubig na nagpapalaki sa ilog na unti-unting kumakain sa mga niyugan, palayan at komunidad ng mga magsasaka at katutubo sa baybayin ng ilog.

Kalamidad
Larawan ng kahabaan ng Umiray matapos ang matinding pagbaha at pagguho ng lupang dulot ng magkakasunod na bagyo noong 2004.

Dam

Sa ngalan ng huwad na kaunlaran
Ang bayan ay sa utang nadiin
At ito nga ang kabayaran
Ang kanunu-nunuang lupain
Ang mga eksperto'y nagsasaya
At nagpupuri at sumasamba
Sa wangis ng diyus-diyosan nila
Ang dambuhalang dam.

Refrain:
Damdam damdam damda dadam
Damdam damdam damda dadam
Damdam damdam damda dadam
Ang dambuhalang dam.

(tipa tulad sa unang saknong)
Ang mga tribu'y nagtatangis
Nananaghoy, nababaliw
Habang ang mga turistang mababangis
Nalilibang at naaaliw
Sa mga pulubing nagsasayaw
Mga katutubo ng Apayao
Na napaalis kahit umayaw
Alang-alang sa dam.
Ulitin Refrain

Titigan ninyo ang gahiganteng bato
Nagsasalarawan ng lipunang ito
Tulad ng mga gumawa rin nito
Walang pakiramdam.

On potok

On potok na ayenade
na ayenade ni makidyapat (3x)

On potok ng lupang nilikha ni makidyapat
kakmukan ti agta para sa mga dumagat
sa pusod ng sierra madre tahimik ang aming daigdig
nang dumating ang mga gahaman dala ay ligalig

On potok na ayenade
na ayenade ni makidyapat (3x)

On potok ng lupang nilikha ni makidyapat
binulabog na ng ingay ng lagareng dimakina
ang yaman ng kagubata'y kanilang kinukuha
panaghoy ng sierra madre aming ina

On potok na ayenade
na ayenade ni makidyapat (3x)

On potok ng lupang libingan ng aming ninuno
lalamunin na ng tubig ng dam na itatayo
On potok nayenade naayenade ni makidyapat
Eyen yenade, eyen yenade para de orat

On potok na ayenade
na ayenade ni makidyapat (3x)
eyen yenade para de orat....

Nilikha para sa malakas na kampanya at pakikibaka ng mga katutubong Dumagat at Remontado kasama ang iba pang uri at sektor sa Rizal at Quezon laban sa proyektong Laiban Dam noong 1990.

BAGYO

Pamalagian na ang pagtama ng bagyo sa rehiyon at maging sa buong bansa. Madalas madaanan ang mga probinsya ng Quezon ng mga bagyong nagmumula sa Bicol at Visayas.

Rizal. 2020
Pagkatapos ng Bagyong Ulysses sa Rodriguez, Rizal

Quezon. 2014
Matapos ang Bagyong Glenda

Quezon. 2014 matapos ang Superbagyong Glenda sa Atimonan

Quezon. 2022

Matapos ang pananalasa ng Superbagyong Karding sa bayan ng Burdeos (saklaw ng Polilio Group of Islands)

Pagkawasak ng tulay ng Infanta matapos ang bagyong Winnie noong 2004.

Nawasak na bayan ng Infanta matapos ang bagyong Winnie noong 2004.

Pagkasira ng tulay sa Batangas matapos ang bagyong Glenda noong 2005.

Hagupit

Maingay na hangi'y kumakaluskos
sa labas ng munting kubo
Ang bintana'y humulagpos
mula sa kapit sa pako

Binutas ng matalas na ulan
ang magkakapatong na anahaw
Bumigay ang kawayan
at matatag na haligi'y bumitaw

Nang masilayan ang taniman
luha'y nangilid sa nadatnan
Muling mamimilipit ang kalamnan
at tatanggap ng abuloy sa mayayaman

Anong kalupitan ang humampas
daig pa ang bagyong lumipas
Aming kagutuma'y kampanyahan
pinagkakitaan aming kahirapan

Kaya sa sumunod na hagupit
hawak sa itak ay hihigpit
Di magdadalwang-isip ikalabit
ang gatilyo sa ngalan ng galit

Sa aming matibay na tindig
mula sa bagyong malupit
Magandang bahaghari'y masisilip
bagong kinabukasa'y dadalit.

Nilikha sa inspirasyon ng Bagyong Glenda na humagupit sa Quezon noong 2015. Nagawa ito sa isang larangan sa South Quezon-Bondoc Peninsula.

PAGSABOG NG BULKAN

Noong 2020, muling sumabog ang Bulkang Taal sa Batangas na nagdulot ng malawakang dislokasyon sa mga bayang nakapaligid sa lawa.

Binalot ng abo ang mga bayan, taniman at mga komunidad. Sinira nito ang pananim ng mga magsasaka at pinatay ang mga isda sa lawa.

Muling sasabog ang bulkan!

Kumukulo, kumukulo,
Nagngangalit, nag-aalimpuyo.
Ang mga naipong init at tensyon,
Sa lalim ng lupa'y nagku-komosyon.

Sumambulat, nanggulat,
Panghihilakbot, pagkasindak—
Hindi na napigilan pa,
Galit nitong sunud-sunod ibinuga...

Ngunit hindi pa natapos ang silakbo,
Panibagong unos ang namumuo.
Silang halos tabunan ng abo,
Makailang ulit pang sa dusa'y isinugbo.

Napalayas na ng kalikasan,
Hinubaran pa ng mga gahaman.
Pinagkaitan na ng karapatan,
Tinanggalan pang ganap ng tirahan.

Ni kabayo nila't baka ay ayaw ipasilip,
Lupang tinubuan lubos nang ipinagkait.
No Human Settlement ang inyong husga,
Isinangkalan ang bulkan sa inyong pakana.

Siniksik nang pilit sa relokasyon,
Pinatakam, pinaasam sa mumong donasyon.
Ninakaw niyo pa ang pondong para sa kanila,
Wala ni awa kayong itinira!

Hangad ninyong mapasakamay yaman ng Bulkan,
Hindi para sa tao, laan lang sa dayuhan.
Hot spring resort, *spa* at Disneyland:
Walang hanggan ang taglay ninyong kasakiman.
Abangan ninyo at panuorin,
Nagbabaga na ang kanilang mga damdamin.
Nagpupuyos na ang kanilang diwa,
Ang kanilang galit, nagbabadya nang umalagwa.

Matakot kayo sa muling pagsabog,
Dadagundong ang malakas na paghuhulagpos.
Magbabangon mula sa abo ang inyong mga biktima
Manginig kayo sa kanilang pagragasa!

Nilikha sa isang larangang gerilya sa Batangas sa katindihan ng isyu ng pag-abandona ng estado sa mga biktima ng pagsabog ng Bulkang Taal noong 2020.

POLUSYON SA HANGIN

Mayor na nag-aambag ng matinding polusyon sa hangin ang *carbon emissions* na nagmumula sa mga *coal-fired thermal plant*. Liban sa polusyon sa hangin, naiulat ang mga pinsala nito sa pananim, sa mga hayop, yamang-dagat at sa kalusugan ng tao.

Nakapakat sa rehiyon ang apat na *coal-fired thermal plant* sa Calaca sa Batangas at Atimonan, Mauban at Pagbilao sa Quezon. Liban dito ang apat pang itinatayong bagong planta sa Batangas, Quezon at Palawan habang nagpapalawak ang planta sa Calaca.

Calaca *coal-fired powerplant*, Batangas

Tinututulan sa pandaigdigang saklaw ang paggamit sa *coal* dahil sa itinuturing itong isa sa pinakamalaking naglalabas ng *greenhouse gases* na nakasisira sa *ozone layer* ng daigdig. Sa ilang pag-aaral at pananaliksik na inilunsad ng Center for Environmental Concerns (CEC) Philippines at iba pang grupo noong 2016, natukoy ang masamang epekto nito sa mga pananim, yamang tubig at maging sa kalusugan ng mga residente.



Resulta ng pagsisiyasat ng CEC sa Balayan Bay na nasa harap ng Calaca Coal-fired Thermal Plant ang pagbagsak ng bolyum ng huling isda mula 1980 nang itatag at mag-opereyt ang planta.

Mantsa

Itim na mantsa o galing sa *coal* (dust) na makikita sa mga dahon at halaman na nakita sa San Rafael at Sitio Cababalong sa Brgy. Puting Bato.

OIL SPILL

Naganap nitong Pebrero 28 ang pagtagas ng 800,000 litrong *industrial fuel oil* matapos lumubog ang kargong barko na MT Princess Empress sa Naujan, Oriental Mindoro. Kumalat ang langis sa siyam na bayan sa Oriental Mindoro at nakarating pa hanggang Palawan at ilang bayan sa Visayas.

Mga boluntir na naka-PPE sa paglilinis ng tagas ng langis sa baybayin ng Pola.

Palatandaan ng *oil spill* sa Brgy. Casian, Taytay sa Palawan noong Marso.

Panganib

Pinangambahang makarating sa Verde Island Passage (center of the center of maritime biodiversity in the world) ang tumagas na langis.

Ang mabilis na pagkawasak ng kapaligiran ay direktang resulta ng mabilis, di nababantayang apropriasyon ng rekurso ng daigdig para sa kapakinabangan ng iilan. … Ang umiiral na mga suliranin sa kapaligiran at panlipunan na pinalala ng global warming ay hindi huhupa hangga't hindi nawawakasan ang pandaigdigang pandarambong dulot ng kasibaan sa tubo ng monopolyo kapital.

Jose Maria Sison
Wakasan ang monopolyo kapitalismo para sugpuin ang *climate change*
Disyembre 7, 2009 sa Copenhagen Climate Conference